Pangalan: ______________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagbibigay ng Angkop na Pamagat**

**I. PANUTO:** Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang **"TUMPAK"** kung ang pangungusap ay wasto at **"MALI"** naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.

_____________ 1. Mahalaga ba ang isang pamagat sa pag-unawa ng isang akda?

_____________ 2. Dapat ba na maikli lamang ang isang pamagat?

_____________ 3. Sa kuwento ba umiikot ang isang paksa?

_____________ 4. Inilalarawan ba ang paksa sa pamamagitan ng mahabang pangungusap?

_____________ 5. Ang pananaliksik ba ay kailangan ding may pamagat?

_____________ 6. Pareho ba ang kahulugan ng paksa at pamagat?

_____________ 7. Ang paksa ba ay isang pangkalahatang ideya ng isang akda?

_____________ 8. Dapat ba na makatawag-pansin ang isang pamagat?

_____________ 9. Dapat bang mahaba ang isang pamagat?

_____________ 10. Ipinakikilala ba ng pamagat kung ano ang akdang babasahin?

**II. PANUTO:** Basahin at unawain ang mga kuwento sa ibaba. Pagtapos ay bilugan ang titik ng tamang sagot.

11. Bawat bahagi ng niyog ay hindi nasasayang. Marami itong gamit. Bukod sa pangluto, ang langis ng niyog ay ginagamit na sangkap sa paggawa ng mga produkto gaya ng sabon at shampoo. Ang bunot ng niyog kapag sinunog ay mabisang pamatay ng lamok. Ang bao nito ay mainam na panggatong.

Ano ang angkop na pamagat sa iyong binasa?

a. A ng Niyog

b. Mga Gamit ng Niyog

c. Magtanim ng Niyog

d. Ang Niyog ay Isang Puno

12. Ang kuwentong "Ang Langgam at ang Tipaklong" ay tumatalakay sa dalawang magkaibigan. Si Langgam ay masipag. Patuloy sa pag-iipon ng pagkain kahit tag-init pa lamang. Si Tipaklong naman ay hindi nag-aalala. Hindi siya nag-iipon ng pagkain para sa panahon ng tag-ulan. Nang dumating ang tag-ulan, walang makain si Tipaklong. Samantalang si Langgam ay panatag dahil marami siyang imbak na pagkain.

Kung bibigyan muli ng pamagat ang kuwento, ano kaya ang angkop na pamagat?

a. Ang Kapalaran ng Magkaibigan

b. Si Tamad at Si Masipag

c. Angkop na pamagat ang nasa letrang A at B.

d. Hindi angkop na pamagat ang nasa letrang A at B.

13. Mula nang magkaroon ng pandemya ay natigil sa bahay ang mga tao. Marami ang inip na inip dahil hindi nila magawa ang mga nakasanayan nilang gawin. Dahil dito ay humanap sila ng mga paraan para mayroong mapaglilibangan. Marami ang natutong magtanim ng mga halaman bilang libangan. Ang iba naman ay nilibang ang sarili sa panonood ng mga drama. Samantalang ang iba ay idinaan sa paggawa ng maiikling video ang kanilang oras. Mayroon din na ang mga libangan ay pagluluto. Pagkatapos ay itinitinda nila ito online. Ang mga libangang ito ang kanilang mga paraan upang mabawasan ang labis na pagkainip.

Ano ang angkop na pamagat sa talata?

a. Mga Epekto ng Pandemya

b. Mga Gawain sa Panahon ng Pandemya

c. Mga Libangan sa Panahon ng Pandemya

d. Mga Nauuso sa Panahon ng Pandemya

14. Tuwing Linggo ang araw ng palengke sa Sta. Ines. Malayo kasi sila sa bayan. Halos inaabot sila nang maghapon kung pupunta pa doon. Kaya naman napagdesisyonan ng mga tagaroon na magtayo ng maliit na palengke o talipapa. Napupuno ito ng mga tao tuwing Linggo lamang para mamili ng kanilang pangangailangan. Dinadala nila rito ang kanilang mga paninda tulad ng mga gulay at prutas mula sa sariling ani. Nagkakatay rin sila ng mga baboy at manok. May taga-ibang baryo rin na nagdadala ng mga huling isda at mga lamang-dagat upang ibenta.

Ano ang angkop na pamagat sa talata?

a. Ang mga Tao sa Sta. Ines

b. Ang Pamamalengke sa Sta. Ines

c. Ang mga Dumarayong Nagtitinda

d. Ang Iba't Ibang Paninda sa Palengke

15. Napansin ni Liza na abala ang kaniyang nanay sa harap ng kompyuter at may ginagawa. Nakalimutan na rin nitong kumain. Nais niya itong lutuan ng instant noodles. Inihanda na niya ang lulutuin. Kaso hindi nga pala siya pinapayagan ng kaniyang nanay na magbukas ng kalan nang walang patnubay ng nakatatanda. Ayaw naman niya itong abalahin sa ginagawa. Pumasok siya sa kuwarto ng kaniyang lola. Humingi ito ng tulong na tingnan siya habang gumagamit ng kalan. Binantayan siya ng kaniyang lola at tinulungan na rin sa pagluluto. Mainit pa ang sabaw nang iabot niya ito sa kaniyang ina. Nakangiti itong nagpasalamat sa kaniya.

Ano sa palagay mo ang pinakaangkop na pamagat sa talata?

a. Ang Mabuting Lola
b. Ang Maalalahaning Anak
c. Ang Masipag Magtrabahong Nanay
d. Ang Pagluluto ng Mainit na Instant Noodles